

**Proposisyon S**

(Ang proposisyong ito ay lilitaw sa balota sa sumusunod na anyo.)

**PROPOSISYON S**

**PANUKALA NG PAGPAPAAYOS SA PAARALAN AT KALIGTASAN NG SAN DIEGO.** Upang mapabuti ang bawat kapitbahayan ng paaralan sa pamamagitan ng; pagpapaayos sa napaglumaang mga palikuran ng estudyante nasisirang mga tubo at mga bubong; baguhin ang mga silid-aralang pangkarera/bokasyonal at mga laboratoryo; magkaloob ng pinakabagong teknolohiya ng silid-aralan; pag-igihin ang kaligtasan/seguridad ng paaralan; palitan ang mga lumang naililipat na silid-aralan; baguhin ang mga alarma ng sunog; at alisin ang mga mapanganib na bagay; magpapalabas ba ang Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng San Diego ng \$2,100,000,000 na mga bono, sa mga legal na antas ng interes, nangangailangan ng malayang pangangasiwa ng mamamayan, taunang mga pagtutuos ng kuwenta, WALANG pera para sa mga suweldo ng mga nangangasiwa, at mga bonong ipapalabas lamang kapag WALANG tinatantiyang pagtaas ng antas ng buwis?

Ang proposisyong ito ay nangangailangan ng pag-apruba ng 55% ng mga botante na bumoboto sa proposisyon.

Ang buong teksto ng proposisyong ito ay sumusunod sa mga pangangatwiran at mga sagot sa pangangatwiran.

**WALANG PINAPANIGANG PAGSUSURI NG ABUGADO NG COUNTY**

Ang proposisyong ito, kung inaprubahan ng 55% ng mga botante na bumoboto sa proposisyon, ay mag-aawtorisa sa Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng San Diego ("Distrito") na magpalabas at magbenta ng hanggang sa \$2,100,000,000 ng pangkahalatang obligasyong mga bono. Ang pagbebenta ng mga bonong ito ng Distrito ay para sa layuning lumikom ng pera para sa Distrito, at kumakatawan sa isang utang ng Distrito. Bilang kapalit ng perang natanggap mula sa mga humahawak ng mga bono, ang Distrito ay nangangako na bayaran ang humahawak ng mga bono ng halaga ng interes para sa isang partikular na panahon, at bayaran ang utang sa petsa ng katapusan.

Ang mga nalikom para sa pagbebenta ng mga bonong inawtorisahan ng panukalang ito ay maaaring gamitin ng Distrito para lamang sa pagtatayo, muling pagtatayo at/o pagbabagong-ano ng kanyang mga pasilidad ng paaralan, kabilang ang paglalagay ng muwebles at kagamitan ng kanyang mga pasilidad ng paaralan, pagkuha, o pag-upa ng tunay na ari-arian para sa kanyang mga pasilidad ng paaralan at pamamahala sa konstruksiyon ng mga tauhan ng Distrito.

Ang antas ng interes sa anumang bono, na itinatag sa panahon ng pagpapalabas ng bono, ay hindi maaring lumampas sa 12% bawat taon. Ang pangwakas na petsa ng katapusan ng anumang bono ay hindi maaaring lumampas ng 25 taon pagkaraan ng petsa ng mga bonong ipinalabas alinsunod sa Kodigo ng Edukasyon o hindi lalampas sa 40 taon pagkaraan ng petsa ng mga bonong ipinalabas alinsunod sa Kodigo ng Gobyerno. Ang prinsipal at interes sa mga bono ay babayaran ng kitang galing sa taunang buwis na ipinapataw sa mga mabubuwisang ari-arian sa loob ng Distrito sa halagang sapat upang bayaran ang interes kapag ito ay dapat nang bayaran at upang magkaloob ng pondo para sa pagbabayad ng prinsipal sa o bago ang katapusan.

Ang Artikulo XIII A ng Konstitusyon ng California ay hindi nagsasama sa limitasyon sa isang porsiyentong antas ng buwis sa ari-arian na batay sa halaga upang bayaran ang mga singil sa interes at pagtubos ng anumang bonong pagkakautang para sa pagkuha o pagpapahusay ng tunay na ari-arian, kabilang ang paglalagay ng muwebles at kagamitan ng mga pasilidad ng paaralan, kapag inaprubahan ng 55% ng botante kung: (a) ang mga kinita mula sa pagbebenta ng mga bono ay gagamitin lamang para sa mga itinakdang layunin, (b) ang Distrito, sa pagsusuri ng kaligtasan, pagbawas sa laki ng klase, at teknolohiya ng impormasyon, ay nag-apruba sa isang listahan ng mga espesipikong proyektong tutustusan, (c) ang Distrito ay magsasagawa ng isang taunang, independiyenteng pagsusuri ng paggawa, at (d) ang Distrito ay magsasagawa ng isang taunang, independiyenteng pagsusuri ng paggawa. Kung ang panukala ng bono ay aprubahan ng 55% ng mga botante, ang batas ng estado ay nag-aatas sa namamahalang lupon ng Distrito na magtatag ng isang independiyenteng komite ng mga nangangasiwang mamamayan. Ang Distrito ay gumawa sa proposisyon ng balota na ito na sumailalim sa mga pag-aatas na ito.

Ang botong "oo" ay isang boto na panig sa pag-awtorisa sa Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng San Diego upang magpalabas at magbenta ng hanggang sa \$2,100,000,000 ng mga pangkalahatang obligasyong bono.

Ang botong "hindi" ay isang boto na laban sa pag-awtorisa sa Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng San Diego upang magpalabas at magbenta ng hanggang sa \$2,100,000,000 ng mga pangkalahatang obligasyong bono.

# PAHAYAG NG ANTAS NG BUWIS

Ang isang eleksiyon ay gaganapin sa Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng San Diego (ang "Distrito ") sa Nobyembre 4, 2008, upang awtorisahan ang pagbebenta ng hanggang sa \$2,100,000,000 ng mga bono sa Distrito upang tustusan ang mga pasilidad ng paaralan tulad ng inilarawan sa proposisyon. Kung ang naturang mga bono ay aawtorisahan, ang Distrito ay umaasang magbenta ng mga bono sa anim na serye sa loob ng mahabang panahon. Ang prinsipal at interes sa mga bono ay babayaran mula sa mga nalikom ng pagpapataw ng buwis na ginawa sa maaring buwisang ari-arian sa Distrito. Ang impormasyong inihayag sa mga binilangang talatang 1-3 sa ibaba ay ibinibigay alinsunod sa mga Seksyon 9400-9404 ng Kodigo ng mga Eleksiyon ng Estado ng California.

1. Ang pinakamabuting pagtatantiya ng antas ng buwis na kakailanganing ipataw upang tustusan ang usapin ng bonong ito sa loob ng unang piskal na taon pagkatapos ng pagbebenta ng unang serye ng mga bono, batay sa tinasang mga halagang maaring makuha sa panahon ng pagtala sa pahayag na ito ay 0.47 sentimos bawat \$100 (\$4.70 per \$100,000) ng tinasang halaga sa taong piskal 2010-11.
2. Ang pinakamabuting pagtatantiya ng antas ng buwis na kakailanganing ipataw upang tustusan ang usapin ng bonong ito sa loob ng unang piskal na taon pagkatapos ng pagbebenta ng huling serye ng mga bono, batay sa tinasang mga halagang maaring makuha sa panahon ng pagtala sa pahayag na ito ay 2.07 sentimos bawat \$100 (\$20.70 per \$100,000) ng tinasang halaga sa taong piskal 2020-21.
3. Ang pinakamabuting pagtatantiya ng pinakamataas na antas ng buwis na kakailanganing ipataw upang tustusan ang usapin ng bonong ito, batay sa tinasang mga halagang maaring makuha sa panahon ng pagtala sa pahayag na ito, ay 60 sentimos bawat \$100 (\$60.00 per \$100,000) ng tinasang halaga sa taong piskal 2029-30 at bawat taon pagkatapos nito hanggang sa huling katapusan ng mga bono.

Ang Distrito ay naghahangad na ayusin ang mga iminungkahing bono upang ang tinantiyang magkasamang antas ng buwis na kailangan upang bayaran ang lahat ng mga bono ng Distrito, kabilang ang mga Bono ng Proposisyon MM na kung aling halaga ay \$66.70/\$100,000 ng tinasang halaga sa taong piskal 2007-08, ay hindi magtataas bilang resulta ng pagpapalabas ng mga iminungkahing bono.

Dapat pansinin ng mga botante na ang tinantiyang mga antas ng buwis ay batay sa *TINASANG HALAGA* ng maaring buwisang ari-arian sa Distrito tulad ng ipinakita sa mga opisyal na hanay ng buwis ng County, *hindi* sa halaga ng ari-arian sa lugar ng pamilihan. Ang mga may-ari ng ari-arian ay dapat sumangguni sa sarili nilang mga bayad ng buwis ng ari-arian upang matiyak ang tinasang halaga ng kanilang ari-arian at anumang mga nauukol na di pagsali sa buwis.

Ang impormasyon sa itaas ay batay lamang sa mga pagtatantiya at pagkalkula ng Distrito. Ang pag-apruba sa panukala ng balota ay nag-aawtorisa sa pagpapalabas ng mga bono sa ilalim ng ilang kondisyon, at hindi nangangahulugan ng pag-apruba sa isang itinakdang antas ng buwis. Ang aktuwal na mga antas ng buwis at mga taon kung saan uuukol ang mga ito ay maaring magbago sa kasalukuyang mga tinatantiya, dahil sa pagbabago mula sa mga pagtatantiyang ito sa panahon ng pagbebenta ng mga bono, ang halaga at kaayusan ng pagbabayad sa mga bonong naibenta, mga antas ng interes sa lugar ng pamilihan sa panahon ng bawat pagbebenta, at aktuwal na mga mga tinasang halaga sa loob ng taning ng pagbabayad sa mga bono. Ang mga petsa ng pagbebenta at halaga at kaayusan ng pagbabayad sa mga bonong naibenta sa anumang nasabing panahon ay itatakda ng Distrito batay sa kanyang pangangailangan ng mga pondo para sa konstruksiyon at iba pang mga bagay, kabilang ang legal na mga limitasyon ng mga bonong inaprubahan ng 55% na boto. Ang aktuwal na mga antas ng interes kung alin ibebenta ang mga bono ay depende sa lugar ng pamilihan sa panahon ng bawat pagbebenta. Ang aktuwal na panghinaharap na tinasang halaga ay depende sa dami at halaga ng nabuwisang ari-arian sa loob ng Distrito gaya ng ipinasiya ng Tagatasa ng County sa taunang pagtatasa at proseso ng pagpapantay.

## PAHAYAG INAATAS NG KODIGO NG EDUKASYON SEKSYON 15122.5

Ang pag-apruba sa Proposisyon S ay hindi tumitiyak na ang iminungkahing proyekto o mga proyekto sa Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng San Diego na siyang mga paksa ng bono sa ilalim ng Proposisyon S ay tutustusan sa lampas ng mga lokal na perang liikumin ng Proposisyon S. Ang mungkahi ng distrito ng paaralan para sa proyekto o mga proyekto ay maaring mag-akala sa pagtanggap ng kaugmang mga pondo ng estado, na maaring sasailalim sa pamamahagi ng Lehislatura o pag-apruba sa isang pambuong-estadong panukala ng bono.

# PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON S

## **ANG PROPOSISYON S AY GAGAWA NG DAGLIANG KINAKAILANGANG MGA PAGPAPAAYOS SA ATING MGA PAARALAN NG KAPITBAHAYAN.**

Ang karamihang mga paaralan sa San Diego ay 40+ taon. Ang Proposisyon S ay nag-aayos sa tumutulo na mga bubong, sirang mga kawad ng kurvente, tumutulo na tubo at daluyan ng tubig. Ang Proposisyon S ay nag-aayos sa mga banyo ng paaralan, mapanganib na mga pagpapainit at mga sistema ng pagpapalamig, pinsirang mga apakan, at gumuhong mga bangketa. Ang Proposisyon S ay nagpapalit ng lumang mga naililipat na silid-aralan.

## **ANG PROPOSISYON S AY MAGPAPABUTI SA KALIGTASAN NG 130,000 MGA ESTUDYANTE NG PAARALAN AT 8,000 MGA GURO NG PAARALAN.**

Ang Proposisyon S ay nagtatanggal ng mapanganib na asbestos at amag, babaguhin ang alarma ng sunog/ mga pintuang pangkaligtasan, aayos sa hindi ligtas na mga sona ng pinag-iiwanan at pinagsusunduan ng paaralan, gumawa ng kadalian ng akses ng maykapansanan, pagbutihin ang uri ng hangin, kasinupan ng enerhiya at maglalagay ng mga sistema ng seguridad.

## **ANG PROPOSISYON S AY MAGHAHANDA SA ATING MGA ANAK PARA SA MGA TRABAHO NG IKA-21 SIGLO.**

Ang Proposisyon S ay magkukumpuni at magpapabago ng mga silid-aralan para sa mga Programang Pangkarera/Bokasyonal na nagtuturo ng mga kakayahan ng trabahong "pangtunay na mundo." Ang Proposisyon S ay magkakabit ng kawad sa bawat silid-aralan para sa WiFi at Internet, na may pagbabago ng teknolohiya sa bawat paaralan sa bawat kapitbahayan.

## **ANG PROPOSISYON S AY MAGPAPANATILI SA KASALUKUYANG ANTAS NG BUWIS NA WALANG PAGTATAAS.**

Ang Proposisyon S ay nagpapalit sa natatapos na bono ng isang bagong bono, kaya ang ating antas ng buwis ay hindi tataasan.

## **ITO ANG BATAS! ANG PANANAGUTAN AY ISINAMA SA PROPOSISYON S:**

- MAHIGPIT NA MGA PANGSANGGALANG NG NAGBABAYAD NG BUWIS.
- ISANG KOMITE NG MALAYANG NANGANGASIWANG MGA MAMAMAYAN.
- WALANG MGA PONDO PARA SA SENTRAL NA PANGASIWAAN. Ang pera ng bono ay maari lamang gastusin sa mga silid-aralan, gusali at paaralan.
- TAUNANG, MALAYANG MGA PANGSUSURI NG PANANALAPI.
- ANG ISANG DETALYADONG PLANO NG PAMPUBLIKONG GASTOS AY MAGLALARAWAN NG EKSAKTO KUNG ANO ANG MATUTUPAD NG PROPOSISYON S.

## **PROPOSISYON S – ANG PLATINUM NA PAMANTAYAN PARA SA PAGIGING BUKAS AT MALINAW.**

Hanapin ang bawat pagpapaayos at pagkumpuning proyekto ng Proposisyon S sa inyong kapitbahayang paaralan sa kompyuter: [www.edforchildren.com/improvements](http://www.edforchildren.com/improvements).

## **ANG PROPOSISYON S AY NAGBIBIGAY-KARAPATAN SA SAN DIEGO PARA SA PANUMBAS NA PONDO NG ESTADO.**

Kailangan nating gawin ang mga pagpapaayos ngayon na. Mas magiging mahal kung tayo ay maghintay.

**Ang mga Paaralan ng Lunsod ng San Diego ay nagkamit ng dalawang mga Gawad na "Ginintuang Bantay" mula sa Kapisanan ng mga Nagbabayad ng Buwis ng San Diego para sa mahusay na pamamahalang pananalapi ng kanilang huling bono.**

## **OO SA PROPOSISYON S**

*Ayusin at Pasiglahing Muli Ang Ating mga Paaralan ng Kapitbahayan*

JOHN L. KING  
SDUSD Guro ng Taon

JOHN C. O'NEILL, Tagapangulo  
Kapisanan ng mga Nagbabayad ng Buwis ng County ng San Diego

LINDA TAGGART  
Prinsipal ng Taon

RAYMOND SANCHEZ  
Presidente ng PTA

BILL NEMEC, Presidente  
Kapisanan ng mga Nanunungkulang Pulis ng S.D.

## **SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON S**

Ang Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng San Diego ay naghahangad na magpataw ng panibagong buwis ng ari-arian sa masyado nang binubuwisang may-ari ng tahanan. Sa paggawa nito hindi binibigyang pansin ng Distrito ng Paaralan ang mga pagtustos ng tagapagpaunlad tulad noong mga ibinigay sa mga mataas na gusaling kondo sa downtown San Diego. Ang mga may-ari ng tahanan ay ngayon hinihilingang magpuno sa isang kakulangan ng pondo.

Ang pangangatwiran ng Distrito ay nagsasalita ng mga tumutulong bubong, sirang mga kawad ng kuryente, tumutulong tubo at daluyan ng tubig, mapanganib na mga pagpapainit at mga sistema ng pagpapalamig, nasirang mga apakan, at gumuhong mga bangketa, asbestos, amag, sirang mga banyo at mga silid-aralang walang malamig na hangin. Sa halip na ikatuwiran ang isang pagtaas ng buwis, ito ay nagpapahiwatig ng malubhang pagkawalang-bahala sa loob ng nakaraang dekada, habang ang kita ng buwis ng ari-arian ay tumaas ng 255%.

Ang totoo ay ang Distrito ay malagim na hindi naisagawa ang 1998 bono ng Proposisyon MM. Ang talaan ng paaralan ay patuloy na bumababa. Ito ay magpapatuloy sa pagbaba hanggang mga 2013. Ang Distrito ay dapat nagpapasama-sama sa mga paaralan at nagbebenta ng hindi kailangang mga ari-arian ng paaralan. Sa halip pinapanatili nilang bukas ang mga maliliit na paaralan. Binabawasan nila ang mga guro hindi ang burokrasya.

Ipinaglalaban nila na: "Ang Proposisyon S ay magpapanatili sa kasalukuyang antas ng buwis na walang pagtataas". Dahil ang Proposisyon 13 na "antas" ng 1% na buwis ng ari-arian ay hindi nagbago mula 1978 hindi nangangahulugan na ang aktuwal na "buwis" ng ari-arian ay hindi tumaas! Sinadya nilang ihalili ang katagang "antas" para sa "buwis" upang lituhin ang mga botante.

Ang Proposisyon S ay aapekto ng husto doon sa mga bumili ng tahanan sa huling dekada. Ang industriya ng pagpapatayo ay panig sa bagong buwis ng ari-arian na ito dahil ito ay maglilipat ng higit pang \$2.1 bilyon mula sa mga may-ari ng tahanan sa mga negosyo. Ito ay malaking paglilipat ng kayamanan. Bumoto ng HINDI sa Proposisyon S

**PAT FLANNERY**

Tagapamagitan ng Tunay na Ari-arian

**RICHARD RIDER**

Tagapangulo, Mga Lumalaban sa Buwis ng San Diego

## PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON S

Ang mga may-ari ng tahanan sa San Diego ay nagbabayad sa kabilang sa pinakamataas na mga antas ng buwis ng ari-arian sa bansa. Ang mga halaga ng tahanan sa San Diego ay tumaas ng husto sa loob ng ilang nakaraang taon at ang lokal na gobyerno ay nagkamit ng isang malaking paglikom. Subalit ito ay hindi pa rin sapat. Ngayon sila ay magdadagdag ng higit pang \$2.1 bilyon sa utang ng paaralan.

Kung ikaw ay kasalukuyang nagmamay-ari ng tahananang nagkakahalaga ng \$500,000, ang Proposisyon S ay magpapataw ng karagdagang \$300 bawat taon. Ito ay dagdag sa baseng \$5,000 na buwis (1% ayon sa Proposisyon 13) na iyo nang binabayaran. At ikaw ay nagbabayad pa rin ng dating nakaraang utang ng paaralan. May hindi tama rito.

90% ng buwis ng tunay na ari-arian sa downtown (higit sa \$100 milyon) ay "inilihis" upang tustusan ang mga tagapagpaunlad ng downtown. Ikaw ay hinihilingang magpuno sa kakulangang ito ng pondo ng paaralan. Ang iyong mga dolyar ng buwis ay "inilihis" mula sa edukasyon ng iyong mga anak para sa tinatawag na "muling pagpapaunlad".

Ang mga may-ari ng tahanan ay nagbabayad ng 78% ng lahat ng mga buwis ng ari-ariang kinokolekta sa County ng San Diego. Ang mga may-ari ng kondo lang ay nagbabayad na ng higit na mga buwis kaysa sa lahat ng mga may-ari ng komerisyo sa pinagsamang County. Huwag magbayad ng dalawang beses para sa edukasyon ng iyong mga anak. Bumoto ng "HINDI" sa Proposisyon "S".

**MGA NAGBABAYAD NG BUWIS PARA SA PAKIKIBAHAGI NG MULING PAGPAPAUNLAD SA MGA PAARALAN**

PAT FLANNERY

Tagapamagitan ng Tunay na Ari-arian

MARGAPET KUYPER

Retiradong mga Tagapagturo

# SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON S

"Ang kalaban ay mali. **Ang Proposisyon S ay HINDI magtataas sa ating mga buwis.** Ang mga bono ng Proposisyon S ay magpapalit lamang sa natatapos nang mga bono ng Proposisyon MM. Ang ating mga buwis ay HINDI tataas."

– John O'Neill, Tagapangulo  
Kapisanan ng mga Nagbabayad ng Buwis ng  
County ng San Diego

## **Proposisyon S. Mahigpit na Pananagutan at mga Pagsanggalang ng Nagbabayad ng Buwis.**

- Taunang Malayang mga Pagsusuri ng Pananalapi.
- Komite ng Malayang Nangangasiwang mga Mamamayan.
- Walang pera para sa mga suweldo ng mga tagapangasiwa.
- Mga pagpapaayos at pagkumpuning para sa inyong kapitbahayang paaralan ay nasa kompyuter: ([www.edforchildren.com/improvements](http://www.edforchildren.com/improvements)).

## **Proposisyon S. Mahahalagang pagpapaayos at mga pagpapabago upang mapabuti ang kalusugan, kaligtasan at seguridad ng ating mga paaralan ng kapitbahayan – na walang pagtaas ng buwis.**

Noong 1998, inaprubahan ng mga botante ang Proposisyon MM para masimulan ang mga pagpapaayos at mga pagkumpuni sa 180+ mga paaralan ng kapitbahayan. Ang MM ay naging isang malaking tagumpay, nagkaloob ng mga proyektong mas maaga sa takdang talaorasan at nagtipid sa mga nagbabayad ng buwis ng \$82 milyong pamamagitan ng epektibong pamamahala sa salapi. Ang Proposisyon S ay magpapatuloy sa mga pagpapaayos at muling pagbibigay sigla sa mga paaralan ng kapitbahayan na sinimulan sa ilalim ng MM – na walang pagtaas ng buwis.

## **Maraming mga paaralan ng kapitbahayan, na ginawa noong mga 1950 at 1960, ang nangangailangan ng basikong mga pagpapaayos at mga pagpapabago para sa pag-aaral sa ika-21 Siglo.**

Ang Proposisyon S ay magpapalit sa napaglumaang mga sistema ng pagprotektang sunog; maglalagay ng mga komunikasyong pang-emerhensiya upang mapagbuti ang kaligtasan ng paaralan; mag-aayos ng mga bubong, napaglumaang sistema ng pagpapalamig, pagpapainit at tubo; gumawa ng kadalian ng akses ng maykapansanan; pagbutihin ang mga banyo; at taasan ang teknolohiya sa bawat paaralan ng kapitbahayan.

## **Kung hindi natin ipasa ang Proposisyon S ngayon, mas magiging mahal lamang ang paggawa ng mga pagpapaayos na ito sa hinaharap.** Ito ay isang magandang pamumuhunan ng pananalapi. Ang magagandang paaralan ay magtataas sa mga halaga ng tahanan at pigiliin ang pagkaluma ng kapitbahayan.

## **"130,000 mga bata ng paaralan at 8,000 mga guro ng silid-aralan ang nangangailangan sa Proposisyon S."**

– John L. King  
SDUSD Guro ng Taon

### **OO SA PROPOSISYON S**

#### ***Ayusin at Pasiglahing Muli Ang Ating mga Paaralan ng Kapitbahayan***

RAYMOND SANCHEZ  
Presidente ng PTA

JOE CARTA  
Ahente ng Ari-arian

DONALD J. BRAUN  
Hepe ng Pulisya  
Paaralan ng Lunsod ng San Diego

RUBEN BARRALES  
Presidente & CEO

JOHN L. KING  
Guro ng Taon, Mataas na Paaralan ng Scripps Ranch

# EKSIBIT A

## BUONG TEKSTO NG PROPOSISYON

### PANUKALA NG PAGPAPAAYOS AT KALIGTASAN NG PAARALAN NG 2008

Ang Proposisyon na ito ay maaring makilala at tukuyin bilang ang "Panukala ng Pagpapaayos at Kaligtasan ng Paaralan ng 2008" o bilang "Proposisyon S".

#### MGA NAPAG-ALAMAN

Ang Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng San Diego ay higit sa 150 taong gulang, at kasalukuyang naglilingkod sa higit sa 135,000 mga estudyante.

Noong huling panahon ng mga 1990, ang Distrito ay nagsagawa sa pinakamalaking pagsusuri ng mga pasilidad ng paaralan sa kanyang kasaysayan na naging basihan ng Pangkalahatang Plano ng Pangmatagalang mga Pasilidad na nangalan sa humigit-kumulang \$1.5 bilyon ng malubhang kinakailangang mga pagpapaayos ng pasilidad, gayundin ang humigit-kumulang \$2.5 bilyon ng kinakailangang karagdagang pagpapaayos at bagong konstruksiyon.

Noong Hulyo 1, 1998, inaprubahan ng mga botante sa Distrito ang Proposisyon MM ("Proposition MM"), na nag-aawtorisa sa Distrito na magpalabas ng \$1.51 bilyon na mga bono ("ang mga Bono ng Proposition MM") upang ipasamoderno at magtayo ng mga pasilidad ng paaralan, at mula sa kanyang pagkaapruba, tinustusan ng mga Bono ng Proposisyon MM ang pagpapaayos sa 161 mga paaralan, konstruksiyon ng 12 bagong paaralan at muling pagpapatayo ng tatlong mga paaralan.

Ang Lupon ng Edukasyon ay ngayon humihiling ng pag-aawtorisang magpalabas ng pangkalahatang obligasyon na mga bono upang magbigay ng pagtustos para ipagpatuloy ang pagpapaayos sa paaralang elementarya, gitnang paaralan at mataas na paaralan, pagpapasamoderno at mga proyekto ng konstruksiyon na pinangalanan ng Distrito.

#### PAG-AWTORISA NG BONO

Upang magbigay ng pagtustos para sa espesipikong mga proyekto ng pasilidad ng paaralan na nakalista sa Listahan ng Proyekto ng Bono sa ibaba, at upang maging karapat-dapat na tumanggap ng mga kaugmang paggawad na pondo ng Estado, at sa pagkaapruba ng proposisyon na ito ng hindi bababa sa 55% ng mga rehistradong botanteng bumoboto sa proposisyon, ang Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng San Diego ay aawtorisahang magpalabas at magbenta ng mga bono hanggang sa \$2,100,000,000 ng bahagi nang prinsipal na halagang sasailalim sa mga pagsangalang ng pananagutang sadyang tinutukoy sa ibaba.

Ang mga kinita mula sa pagbebenta ng mga bonong inawtorisahan ng proposisyong ito ay gagamitin lamang para sa konstruksiyon, muling pagtatayo, pagpapaayos, o pagpapalit ng mga pasilidad ng paaralan, kabilang ang paglalagay ng mga gamit at muwebles ng mga pasilidad ng paaralan, o ang pagkuha o pag-upa ng ari-arian para sa mga pasilidad ng paaralan, at hindi para sa anumang ibang layunin, kabilang ang mga suweldo ng guro at tagapangasiwa at ibang mga gastos sa pagpapatakbo ng paaralan. Ang mga kinitang galing sa mga bono ay maaring gamitin upang bayaran o ibalik ang bayad ng Distrito para sa mga gastos ng tauhan ng Distrito habang ginagawa ang trabaho o kailangan at kaugnay sa mga proyekto ng bono.

Ang mga probisyon sa seksiyong ito ay sadyang isinama sa proposisyon na ito upang ang mga botante at nagbabayad ng buwis ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng San Diego ay makatiyak na ang kanilang pera ay wastong gugugulin upang talakayin ang mga espesipikong pangangailangan ng mga pasilidad ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng San Diego, lahat alinsunod sa mga pag-aatas ng Artikulo XIII A, Seksiyon 1(b)(3) ng Konstitusyon ng Estado, at ang Batas ng Mahigpit na Pananagutan sa mga Bono ng Lokal na Konstruksiyon ng Paaralan 2000 (Kodigo ng Edukasyon mga Seksiyon 15264 at sumusunod).

Pagsusuri ng mga Pangangailangan. Ang Lupon ng Edukasyon ay naghanda ng mga binagong plano ng pasilidad upang masuri at matalakay ang lahat ng mga pangangailangan ng pasilidad ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng San Diego sa bawat kampus at pasilidad, at upang matiyak kung aling mga proyekto ang tutustusan mula sa isang lokal na bono sa panahong ito. Ang Lupon ng Edukasyon ay sa pamamagitan nito nagpapatibay na ito ay nagsuri sa kaligtasan, pagbawas ng laki ng klase at mga pangangailangan ng teknolohiyang pang-impormasyon sa paggawa ng Listahan ng Proyekto ng Bono.



## MGA PAGSANGGALANG SA PANANAGUTAN (Ipinagpatuloy)

Limitasyon ng Pagpapalabas ng Bono. Ang Distrito ay inaatasan ng batas na gawin ang kanyang pinakatamang mga pagtatantiya sa antas ng buwis ng ari-arian ad valorem na kakailanganing ipataw sa lahat ng mga binubuwisang ari-arian sa Distrito upang bayaran ang serbisyo ng utang sa mga iminungkahing bono. Ang mga pagtatantiya sa antas ng buwis ng Distrito ay makikita sa Pahayag ng Antas ng Buwis na kinakailangang ibigay ng Tagapagrehistro sa Pamplet ng Impormasyon ng Botante na ipinapadala sa mga botante kaugnay sa eleksiyong ito. Batay sa makasaysayang datos ng halagang tinantiya at ilang mga pagpapalagay tungkol sa paglaking panghinaharap sa mga tinasang halaga at kung paano, kailan at sa anong halaga ipapalabas ang mga bono, ang Distrito ay magpapalabas lamang ng mga bono kung inaasahan nito na ang antas ng buwis na kailangan upang bayaran ang serbisyo ng utang sa mga iminungkahing bono, kapag tinipon sa antas ng buwis na kailangan upang bayaran ang serbisyo ng utang sa kasalukuyang kailangang bayarang mga bono sa bawat taon, ay hindi lalampas sa antas na ipinataw sa taong piskal 2007-08 (na \$66.70/\$100,000 ng tinasang halaga) upang bayaran ang serbisyo ng utang sa kasalukuyang kailangang bayarang mga bono lamang.

Komite ng Malayang Nangangasiwang mga Mamamayan. Ang Lupon ng Edukasyon ay magtatatag ng isang malayang Komite ng Nangangasiwang mga Mamamayan (alinsunod sa Kodigo ng Edukasyon Seksiyon 15278 at sumusunod), upang matiyak na ang mga kinita sa bono ay gugugulin lamang para sa mga proyekto ng mga pasilidad ng paaralang nakalista sa Listahan ng Proyekto ng Bono. Ang komite ay itatag sa loob ng 60 mga araw ng petsa kung kailan labas ang mga resulta ng eleksiyon sa mga minuto ng Lupon ng Edukasyon.

Taunang mga Pagsusuri ng Paggawa. Ang Lupon ng Edukasyon ay magsasagawa ng isang taunang, malayang pagsusuri ng paggawa upang matiyak na ang mga kinita sa bono ay gugugulin lamang para sa mga proyekto ng mga pasilidad ng paaralang nakalista sa Listahan ng Proyekto ng Bono.

Taunang mga Pagtutuos ng Kuwenta. Ang Lupon ng Edukasyon ay magsasagawa ng isang taunang, malayang pagtutuos ng kuwenta upang matiyak na ang mga kinita sa bono ay gugugulin lamang para sa mga proyekto ng mga pasilidad ng paaralang nakalista sa Listahan ng Proyekto ng Bono.

Espesyal na Kuwenta ng mga Kinita ng Bono; Taunang Ulat sa Lupon. Sa pag-apruba ng proposisyon na ito at pag-apruba ng pagbebenta ng anumang mga bono, ang Lupon ng Edukasyon ay magsasagawa ng anumang mahalagang hakbang alinsunod sa Kodigo ng Gobyerno Seksiyon 53410 at sumusunod upang magtatag ng isang kuwenta kung saan idedeposito ang mga kinita mula sa pagbebenta ng mga bono. Habang ang anumang mga kinita mula sa bono ay nananatiling hindi nagagastos, ang Superintendente ng Distrito ay gagawa na ang isang ulat ay itatala sa Lupon hindi lalampas sa Disyembre 31 ng bawat taon, simula sa Disyembre 31, 2009 na tumutukoy sa (1) halaga ng mga kinita sa bono na natanggap at ginastos sa taong ito, at (2) kalagayan ng anumang proyektong tinustusan o tutustusan mula sa mga kinita ng bono. Ang ulat ay maaring may kaugnayan sa taong kalendaryo, taong piskal, o ibang akmang taunang panahon tulad ng titiyakin ng Superintendente, at maaring isama sa taunang badyet, pagtutuos ng kuwenta, o ibang akmang nakasanayang ulat sa Lupon.

### LISTAHAN NG PROYEKTO NG BONO

Ang Listahan ng Proyekto ng Bono sa ibaba ay naglalarawan sa espesipikong mga proyektong iminumungkahi ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng San Diego na tustusan sa mga kinitang galing sa bono. Ang mga nakalistang proyekto ay tatapusin tulad ng kinakailangan sa isang partikular na lugar ng paaralan alinsunod sa mga pangunahing tuon na tiniyak ng Lupon, at ang ayos kung alin makikita ang naturang mga proyekto sa Listahan ng Proyekto ng Bono ay hindi patunay ng pangunahing tuon para sa pagtustos o pagtatapos. Ang pangwakas na gastos ng bawat proyekto ay titiyakin habang tinatapos ang mga plano, iginawad ang mga tawad ng konstruksiyon, at natapos ang mga proyekto. Ang ilang mga pondo ng konstruksiyon na inaasahan mula sa mga pinagkukuhang hindi kaugnay sa bono, kabilang ang mga iginawad na pondo ng Estado para sa mga karapat-dapat na proyekto, ay hindi pa nakukuha. Hanggang sa malaman ang lahat ng mga gastos ng proyekto at ang mga pinanggalingan ng pondo, hindi matitiyak ng Lupon ng Edukasyon ang halaga ng mga kinita sa bono na maaring makuha para gastusin sa bawat proyekto, walang katiyakan na ang mga bono ay magbibigay ng sapat na mga pondo upang hayaang matapos ang lahat ng mga nakalistang proyekto. Ang pagtatapos ng ilan sa mga proyekto ay maaring sasailalim sa higit pang mga pag-apruba ng gobyerno sa pamamagitan ng mga opisyal ng Estado at mga lupon, sa lokal na pagsusuring pangkapaligiran, at sa kuro-kurong galing sa publiko. Dahilan sa mga ito, ang pagsasama sa isang proyekto na nakalista sa Listahan ng Proyekto ng Bono ay hindi katiyakan na ang proyekto ay tutustusan o matatapos. Ang Lupon ng Edukasyon ay maaring gumawa ng mga pagbabago sa Listahan ng Proyekto ng Bono sa hinaharap kaugma sa mga proyektong sadyang tinukoy sa proposisyon na ito.

## UNANG BAHAGI:

**Mga Pinagpapasiyahang Pondo ng Lugar.** Ang bawat paaralang elementarya, gitna at mataas, kabilang ang mga saligang batas na paaralan, ay maaring magpamahagi ng \$150 bawat estudyante ng mga kinita ng bono (bilang "mga pinagpapasiyahang pondo ng lugar") na gamitin sa nararapat, pinapahintulutang mga proyekto na mananatiling ari ng Distrito na nakalista dito sa Unang Bahagi ng Listahan ng Proyekto ng Bono.

**Espesipikong mga Proyekto.** Maliban kung sadyang nabanggit, ang sumusunod na mga proyekto ay inawtorisahang matapos sa bawat o anumang mga lugar ng Distrito, kabilang ang mga sentro ng pagtataguyod ng bata at ibang mga pasilidad ng Distrito (o, sa kaso ng isang pamamahagi ng mga pinagpapasiyahang pondo ng lugar, kabilang sa anumang lugar ng saligang batas na paaralan):

### **Mga Pagpapabuti sa Paaralan Upang Itaguyod ang Kalusugan, Kaligtasan & Seguridad ng Estudyante**

- Palitan ang hindi na gumaganang mga alarma ng sunog, kabilang ang mga sistema ng komunikasyong pang-emerhensiya
- Pag-igihin ang kaligtasan ng mga lugar ng pinag-iwanan at pinagsusunduan ng estudyante, paradahan, at pagdaloy ng taong tumatawid at sasakyan
- Magkaloob ng mga pagpapabuti sa seguridad ng lugar ng paaralan, kabilang ang mas maraming ilawan, at pagsangalang laban sa paninira at panghihimasok
- Abutin ang tinaasang mga pamantayan ng lindol at seismo sa mga gusali ng paaralang itinayo bago mag-1976
- Alisin at bawasan ang asbestos, amag, at ibang maaring mapanganib na kasangkapan
- Baguhin at maglagay ng sistema ng pagpapahangin o pagpapalamig ng silid-aralan
- Pagbutihin at maglagay ng mga palaruang ginagamit ng estudyante at kapitbahayan sa pamamagitan ng pinag-isang gamit na pondo

### **Mga Proyekto Para Mapabuti ang Akses sa Paaralan: Mga Pagpapabago sa Pagsunod sa Kodigo**

- Ipasamoderno at baguhin o lakihan ang mga banyo ng estudyante
- Baguhin at lakihan ang mga lugar ng serbisyo ng pagkain ng estudyante at mga kusina upang maabot ang mga tinaasang pamantayan
- Baguhin at ayusin ang mga pasilidad ng edukasyong pisika, mga palaruan at lupang pinaglalaruan para mapuntahan at para sa kaligtasan
- Ayusin at palitan ang matatanda at hindi gumaganang mga silid-aralang naililipat
- Gawing mas madali ang akses para sa mga taong may kapansanan at sumunod sa Batas ng mga Amerikanong May Kapansanan (ADA) at Titolo 24

### **Mga Pagpapabuti sa Paaralan Upang Itaguyod ang Pag-aaral & Pagtuturo sa Estudyante**

- Magkaloob ng pinakabagong teknolohiya ng silid-aralan at pagtuturo na kinakailangan para sa pag-aaral at pagtuturo sa estudyante sa ika-21 siglo
- Baguhin at lakihan ang mga silid-aralan, mga laboratoryo, at mga natatanging pasilidad para sa mga programa ng teknolohiyang pangkarera at bokasyonal
- Magkaloob at magpasamoderno ng mga silid-aralan, mga laboratoryo, at mga natatanging pasilidad para sa mga estudyante ng mataas na paaralan
- Pagbutihin ang hindi sapat na mga mataas na silid-aralan

### **Malaking Pagkumpuni sa mga Sistema ng Gusali at Pagpapalit**

- Tapusin ang malaking mga proyekto ng pagkumpuni at pag-aayos tulad ng tinukoy:
  - Ayusin at palitan ang nalulumang tubo at mga sistema ng tuberiyas sa ilalim ng lupa
  - Ayusin at palitan ang mga tumatandang, tumutulo na bubong
  - Ayusin at palitan ang napaglumaan, hindi masinop na mga sistema ng pagpapainit, pagpapahangin at pagpapalamig
  - Baguhin ang kakayahang pangkuryente, ayusin ang tumatandang kawad, upang itaguyod ang teknolohiya ng pagkatuto
  - Ayusin at ibalik ang mga panloob at panlabas na kinang pang-ibabaw at mga kagamitan ng silid-aralan at gusali

- Ayusin at palitan ang hindi sapat na mga pansamantalang silid-aralan, mga gusali ng paaralan o mga lugar ng mas murang permanenteng konstruksiyon

### Pagkakaya sa Talaan ng Estudyante

- Magkaloob ng kaugmang mga pondo upang magplano at magtayo ng mga silid-aralan at mga paaralan tulad ng kailangan para sa paglaki ng talaan ng estudyante

### Mga Pasilidad ng Saligang Batas na Paaralan

- Katugma sa pananagutan ng Distrito sa ilalim ng Proposisyon 39 (inaprubahan ng mga botante ng California noong Nobyembre 2000) at Seksiyon 47614 ng Kodigo ng Edukasyon, magkaloob ng kakayahan ng klase, kabilang ang mga muwebles at kagamitan, para sa nasa-loob ng distrito na mga estudyante ng saligang batas na paaralan sa isang antas na maikukumpara sa mga estudyanteng pumapasok sa mga paaralang pinapatakbo ng distrito

### **IKALAWANG BAHAGI:**

Maliban kung sadyang tinukoy, ang sumusunod na mga proyekto ay inawtorisahang tapusin sa sumusunod na mga lugar ng paaralan:

#### Paaralang Elementarya ng Adams, 4672 35th Street, San Diego, CA 92116

#### Mga Pagpapabuti sa Paaralan Upang Itaguyod ang Pag-aaral at Pagtuturo sa Estudyante

- Maglagay ng isang walang kawad na sistema ng komunikasyon (WIFI)
- Magkaloob ng mga pagpapabago ng teknolohiya para sa ika-21 siglo, kabilang ang mga kakayahan ng audio-biswal na palabas para sa lahat ng mga estudyante

#### Mga Pagpapabuti sa Paaralan Upang Itaguyod ang Kalusugan, Kaligtasan at Seguridad ng Estudyante

- Magkaloob ng sistema ng komunikasyong pang-emerhensiya sa buong kampus
- Lakihan ang lugar ng paradahan, magbigay ng karagdagang mga espasyo ng paradahan
- Magkabit ng ilawang pang-seguridad, gayundin ang, pagpapaigi sa mga pagsanggalang laban sa paninira at panghihimasok, kabilang ang mga pagbabago sa bakod
- Alisin o bawasan ang mga panganib ng anumang maaring mapanganib na kagamitan sa loob ng buong pasilidad

#### Mga Proyekto Para Mapabuti ang Akses sa Paaralan, Mga Pagpapabago sa Pagsunod sa Kodigo

- Ayusin ang kasalukuyang mga banyo
- Abutin ang tinaasang mga pamantayang seismo para sa mga gusali ng paaralan
- Pag-igihin ang akses sa lahat ng mga silid-aralan, mga laboratoryo, mga banyo, at iba pang mga pasilidad ng paaralan upang sumunod sa mga patakaran ng akses kabilang ang ADA Titolo I & II
- Maglagay ng tatlong hanay na lababo sa kusina
- Maglagay ng bagong mga lababo ng kamay
- Maglagay ng bagong makinang inuman ng tubig

#### Malaking Pagkumpuni sa mga Sistema ng Gusali/Pagpapalit

- Ayusin ang mga lugar ng bangketa at mga nasementuhang lugar
- Ayusin/palitan ang mga sistema ng pagpapainit at pagpapahangin kung kailangan
- Ayusin/baguhin ang sistema ng kuryente
- Ayusin/ibalik ang mga panloob, panlabas, kinang pang-ibabaw at kagamitan ng mga gusali
- Muling ipatag ang aspalto ng mga lote ng paradahan at mga lugar ng palaruan kung kailangan
- Ayusin/palitan/baguhin ang mga espasyo ng gawaan/mga silid na may maraming pinaggagamitan

#### Paaralang Elementarya ng Alcott, 4680 Hidalgo Avenue, San Diego, CA 92117

#### Mga Pagpapabuti sa Paaralan Upang Itaguyod ang Pag-aaral at Pagtuturo sa Estudyante

- Maglagay ng isang walang kawad na sistema ng komunikasyon (WIFI)
- Magkaloob ng mga pagpapabago ng teknolohiya para sa ika-21 siglo, kabilang ang mga kakayahan ng audio-biswal na palabas para sa lahat ng mga estudyante

#### Mga Pagpapabuti sa Paaralan Upang Itaguyod ang Kalusugan, Kaligtasan at Seguridad ng Estudyante

- Magkaloob ng sistema ng komunikasyong pang-emerhensiya sa buong kampus

- Maglagay ng markang nagtuturo ng direksiyon para sa lugar na pinag-iiwanan at pinagsusunodan sa estudyante
- Lakihan ang lugar ng paradahan, magbigay ng karagdagang mga espasyo ng paradahan
- Magkabit ng ilawang pang-seguridad, gayundin ang, pagpapaigi sa mga pagsanggalang laban sa paninira at panghihimasok, kabilang ang mga pagbabago sa bakod
- Magkabit ng isang sistema ng komunikasyon ng lugar
- Alisin o bawasan ang mga panganib ng anumang maaring mapanganib na kagamitan sa loob ng buong pasilidad

#### Mga Proyekto Para Mapabuti ang Aksesong Paaralan. Mga Pagpapabago sa Pagsunod sa Kodigo

- Ayusin ang kasalukuyang mga banyo
- Pag-igihin ang aksesong sa lahat ng mga silid-aralan, mga laboratoryo, mga banyo, at iba pang mga pasilidad ng paaralan upang sumunod sa mga patakaran ng aksesong kabilang ang ADA Titulo I & II
- Maglagay ng tatlong hanay na lababo sa kusina
- Magkabit ng isang kolektahan ng grasa upang sumunod sa mga patakaran ng lunsod sa kusina

#### Malaking Pagkumpuni sa mga Sistema ng Gusali/Pagpapalit

- Ayusin ang mga lugar ng bangketa at mga nasementuhang lugar
- Ayusin/palitan ang mga sistema ng pagpapainit at pagpapahangin kung kailangan
- Ayusin/ibalik ang mga panloob, panlabas, kinang pang-ibabaw at kagamitan ng gusali
- Muling ipatag ang aspalto ng mga lote ng paradahan at mga lugar ng palaruan kung kailangan
- Ayusin/palitan/baguhin ang mga espasyo ng gawaan/mga silid na may maraming pinaggagamitan

#### Paaralang Elementarya ng Angier, 8450 Hurlbut Street, San Diego, CA 92123

#### Mga Pagpapabuti sa Paaralan Upang Itaguyod ang Pag-aaral at Pagtuturo sa Estudyante

- Maglagay ng isang walang kawad na sistema ng komunikasyon (WIFI)
- Magkaloob ng mga pagpapabago ng teknolohiya para sa ika-21 siglo, kabilang ang mga kakayahan ng audio-biswal na palabas para sa lahat ng mga estudyante

#### Mga Pagpapabuti sa Paaralan Upang Itaguyod ang Kalusugan, Kaligtasan at Seguridad ng Estudyante

- Magkaloob ng sistema ng komunikasyong pang-emerhensiya sa buong kampus
- Magbigay ng karagdagang mga espasyo ng paradahan
- Magkabit ng ilawang pang-seguridad, gayundin ang, pagpapaigi sa mga pagsanggalang laban sa paninira at panghihimasok, kabilang ang mga pagbabago sa bakod
- Alisin o bawasan ang mga panganib ng anumang maaring mapanganib na kagamitan sa loob ng buong pasilidad

#### Mga Proyekto Para Mapabuti ang Aksesong Paaralan. Mga Pagpapabago sa Pagsunod sa Kodigo

- Ayusin ang kasalukuyang mga banyo
- Pag-igihin ang aksesong sa lahat ng mga silid-aralan, mga laboratoryo, mga banyo, at iba pang mga pasilidad ng paaralan upang sumunod sa mga patakaran ng aksesong kabilang ang ADA Titulo I & II
- Maglagay ng tatlong hanay na lababo sa kusina
- Magkabit ng isang kolektahan ng grasa upang sumunod sa mga patakaran ng lunsod sa kusina

#### Malaking Pagkumpuni sa mga Sistema ng Gusali/Pagpapalit

- Ayusin ang mga lugar ng bangketa at mga nasementuhang lugar
- Ayusin/palitan ang nalulumang tubo at mga sistema ng tuberiyas
- Ayusin/palitan ang mga sistema ng pagpapainit at pagpapahangin kung kailangan
- Ayusin/ibalik ang mga panloob, panlabas, kinang pang-ibabaw at kagamitan ng mga gusali
- Ayusin/palitan/baguhin ang mga espasyo ng gawaan/mga silid na may maraming pinaggagamitan

#### Paaralang Audubon, 8111 San Vicente Street, San Diego, CA 92114

#### Mga Pagpapabuti sa Paaralan Upang Itaguyod ang Pag-aaral at Pagtuturo sa Estudyante

- Maglagay ng isang walang kawad na sistema ng komunikasyon (WIFI)

- Magkaloob ng mga pagpapabago ng teknolohiya para sa ika-21 siglo, kabilang ang mga kakayahan ng audio-biswal na palabas para sa lahat ng mga estudyante

#### Mga Pagpapabuti sa Paaralan Upang Itaguyod ang Kalusugan, Kaligtasan at Seguridad ng Estudyante

- Magkaloob ng sistema ng komunikasyong pang-emerhensiya sa buong kampus
- Magkaloob ng mga lugar na pinag-iwanan at pinagsusunduan sa estudyante
- Lakihan ang lugar ng paradahan, magbigay ng karagdagang mga espasyo ng paradahan
- Magkabit ng ilawang pang-seguridad, gayundin ang, pagpapaigi sa mga pagsanggalang laban sa paninira at panghihimasok, kabilang ang mga pagbabago sa bakod
- Muling baguhin/maglagay ng mga sistema ng pagpapainit, pagpapahangin at pagpapalamig sa silid-aralan.
- Alisin o bawasan ang mga panganib ng anumang maaring mapanganib na kagamitan sa loob ng buong pasilidad

#### Mga Proyekto Para Mapabuti ang Akses sa Paaralan, Mga Pagpapabago sa Pagsunod sa Kodigo

- Ayusin ang kasalukuyang mga banyo
- Pag-igihin ang akses sa lahat ng mga silid-aralan, mga laboratoryo, mga banyo, at iba pang mga pasilidad ng paaralan upang sumunod sa mga patakaran ng akses kabilang ang ADA Titolo I & II
- Maglagay ng lababo ng kamay sa lugar ng kusina
- Magkabit ng isang kolektahan ng grasa upang sumunod sa mga patakaran ng lunsod sa kusina

#### Malaking Pagkumpuni sa mga Sistema ng Gusali/Pagpapalit

- Ayusin ang mga lugar ng bangketa, mga nasementuhang lugar at mga rampa
- Ayusin/ibalik ang mga panloob, panlabas, kinang pang-ibabaw at kagamitan ng mga gusali
- Ayusin/palitan ang nalulumang tubo at mga sistema ng tuberiyas
- Ayusin/palitan/baguhin ang mga espasyo ng gawaan/mga silid na may maraming pinaggagamitan

#### Paaralang Elementarya ng Baker, 4041 T Street, San Diego, CA 92113

#### Mga Pagpapabuti sa Paaralan Upang Itaguyod ang Pag-aaral at Pagtuturo sa Estudyante

- Maglagay ng isang walang kawad na sistema ng komunikasyon (WIFI)
- Magkaloob ng mga pagpapabago ng teknolohiya para sa ika-21 siglo, kabilang ang mga kakayahan ng audio-biswal na palabas para sa lahat ng mga estudyante

#### Mga Pagpapabuti sa Paaralan Upang Itaguyod ang Kalusugan, Kaligtasan at Seguridad ng Estudyante

- Magkaloob ng sistema ng komunikasyong pang-emerhensiya sa buong kampus
- Maglagay ng markang nagtuturo ng direksiyon para sa lugar na pinag-iwanan at pinagsusunduan sa estudyante
- Lakihan ang lugar ng paradahan
- Magkabit ng ilawang pang-seguridad, gayundin ang, pagpapaigi sa mga pagsanggalang laban sa paninira at panghihimasok, kabilang ang mga pagbabago sa bakod
- Gumawa ng pagbabago sa mga sistema ng panghihimasok at alarma ng sunog sa buong kampus
- Alisin o bawasan ang mga panganib ng anumang maaring mapanganib na kagamitan sa loob ng buong pasilidad

#### Mga Proyekto Para Mapabuti ang Akses sa Paaralan, Mga Pagpapabago sa Pagsunod sa Kodigo

- Baguhin ang kasalukuyang mga banyo, kabilang ang karagdagang espasyo para sa pangasiwaan at suporta ng pagtuturo
- Pag-igihin ang akses sa lahat ng mga silid-aralan, mga laboratoryo, mga banyo, at iba pang mga pasilidad ng paaralan upang sumunod sa mga patakaran ng akses kabilang ang ADA Titolo I & II
- Maglagay ng tatlong hanay na lababo sa kusina
- Maglagay ng mga lababo ng kamay
- Magkabit ng isang kolektahan ng grasa upang sumunod sa mga patakaran ng lunsod sa kusina

#### Malaking Pagkumpuni sa mga Sistema ng Gusali/Pagpapalit

- Ayusin ang mga lugar ng bangketa at mga nasementuhang lugar
- Ayusin/ibalik ang mga panloob, panlabas, kinang pang-ibabaw at kagamitan ng gusali
- Ayusin/palitan ang mga sistema ng pagpapainit at pagpapahangin kung kailangan

- Muling ipatag ang aspalto ng mga lora ng paradhan at mga lugar ng palaruan kung kailangan
- Ayusin/palitan/baguhin ang mga espasyo ng gawaan/mga silid na may maraming pinaggagamitan

**Paaralang Elementarya ng Balboa**, 1844 South 40th Street, San Diego, CA 92113

**Mga Pagpapabuti sa Paaralan Upang Itaguyod ang Pag-aaral at Pagtuturo sa Estudyante**

- Maglagay ng isang walang kawad na sistema ng komunikasyon (WIFI)
- Magkaloob ng mga pagpapabago ng teknolohiya para sa ika-21 siglo, kabilang ang mga kakayahan ng audio-biswal na palabas para sa lahat ng mga estudyante

**Mga Pagpapabuti sa Paaralan Upang Itaguyod ang Kalusugan, Kaligtasan at Seguridad ng Estudyante**

- Magkaloob ng sistema ng komunikasyong pang-emerhensiya sa buong kampus
- Pagbutihin ang lugar na pinag-iiwanan at pinagsusunduan sa estudyante
- Lakihan ang lugar ng paradhan
- Magkabit ng ilawang pang-seguridad, gayundin ang, pagpapaigi sa mga pagsangalang laban sa paninira at panghihimasok, kabilang ang mga pagbabago sa bakod
- Magkabit ng isang sistema ng komunikasyon ng lugar
- Alisin o bawasan ang mga panganib ng anumang maaring mapanganib na kagamitan sa loob ng buong pasilidad

**Mga Proyekto Para Mapabuti ang Akses sa Paaralan, Mga Pagpapabago sa Pagsunod sa Kodigo**

- Ayusin ang kasalukuyang mga banyo
- Magsagawa ng mga pagbabagong pangkayarian kung kailangan upang sumunod sa mga kasalukuyang kodigong pangseismo
- Pag-igihin ang akses sa lahat ng mga silid-aralan, mga laboratoryo, mga banyo, at iba pang mga pasilidad ng paaralan upang sumunod sa mga patakaran ng akses kabilang ang ADA Titolo I & II
- Maglagay ng tatlong hanay na lababo sa kusina

**Malaking Pagkumpuni sa mga Sistema ng Gusali/Pagpapalit**

- Ayusin/palitan ang sistema ng pagpapainit at pagpapahangin
- Ayusin ang mga bintana
- Ayusin/ibalik ang mga panloob, panlabas, kinang pang-ibabaw at kagamitan ng gusali
- Ayusin/palitan ang tumatandang mga sistema ng kawad at kuryente, kung kailangan
- Ayusin/palitan/baguhin ang mga espasyo ng gawaan/mga silid na may maraming pinaggagamitan

**Paaralang Elementarya ng Barnard**, 2930 Barnard Street, San Diego, CA 92110

**Mga Pagpapabuti sa Paaralan Upang Itaguyod ang Pag-aaral at Pagtuturo sa Estudyante**

- Maglagay ng isang walang kawad na sistema ng komunikasyon (WIFI)
- Magkaloob ng mga pagpapabago ng teknolohiya para sa ika-21 siglo, kabilang ang mga kakayahan ng audio-biswal na palabas para sa lahat ng mga estudyante

**Mga Pagpapabuti sa Paaralan Upang Itaguyod ang Kalusugan, Kaligtasan at Seguridad ng Estudyante**

- Magkaloob ng sistema ng komunikasyong pang-emerhensiya sa buong kampus
- Magkaloob ng lugar na pinag-iiwanan at pinagsusunduan ng estudyante, kabilang ang pinalaking lugar para sa pinag-iiwanan/sakayan ng bus, dahil sa paaralang batubalani
- Lakihan ang lugar ng paradhan
- Magkabit ng ilawang pang-seguridad, gayundin ang, pagpapaigi sa mga pagsangalang laban sa paninira at panghihimasok, kabilang ang mga pagbabago sa bakod
- Alisin o bawasan ang mga panganib ng anumang maaring mapanganib na kagamitan sa loob ng buong pasilidad

**Mga Proyekto Para Mapabuti ang Akses sa Paaralan, Mga Pagpapabago sa Pagsunod sa Kodigo**

- Ayusin ang kasalukuyang mga banyo
- Pag-igihin ang akses sa lahat ng mga silid-aralan, mga laboratoryo, mga banyo, at iba pang mga pasilidad ng paaralan upang sumunod sa mga patakaran ng akses kabilang ang ADA Titolo I & II
- Magkabit ng isang kolektahan ng grasa upang sumunod sa mga patakaran ng lunsod sa kusina
- Ayusin/palitan/tanggalin ang lumang naililipat na mga silid-aralan

• Ayusin at palakihin ang kasalukuyang pasilidad ng kusina upang maabot ang mga pamantayan ng distrito

#### Malaking Pagkumpuni sa mga Sistema ng Gusali/Pagpapalit

- Ayusin ang mga lugar ng bangketa at mga nasementuhang lugar
- Ayusin/palitan ang mga sistema ng pagpapainit at pagpapahangin kung kailangan
- Palitan ang bubungan ng awditorium
- Ayusin/palitan ang nalulumang tubo at mga sistema ng tuberiyas
- Ayusin/palitan ang tumatandang sistema ng kawad at baguhin ang sistema ng kuryente, kung kailangan
- Ibalik/palitan ang mga panloob, panlabas, kinang pang-ibabaw at kagamitan ng gusali
- Muling ipatag ang aspalto ng mga lote ng paradahan at mga lugar ng palaruan kung kailangan
- Ayusin/palitan/baguhin ang mga espasyo ng gawaan/mga silid na may maraming pinaggagamitan

#### Paaralang Elementarya ng Bay Park, 2433 Denver Street, San Diego, CA 92110

##### Mga Pagpapabuti sa Paaralan Upang Itaguyod ang Pag-aaral at Pagtuturo sa Estudyante

- Maglagay ng isang walang kawad na sistema ng komunikasyon (WIFI)
- Magkaloob ng mga pagpapabago ng teknolohiya para sa ika-21 siglo, kabilang ang mga kakayahan ng audio-biswal na palabas para sa lahat ng mga estudyante

